

Takasaki Guidebook

Filipino Version

高崎外国語ガイドブック フィリピン版



Takasaki City Consultation Center for Foreign Residents

Maaari po ang Konsultasyon/Pagpapayo Tungkol sa Pamumuhay sa Wikang Filipino.

Libre po ang konsultasyon sa mga procedures (pamamaraan) ng City Hall, tulad ng buwis, pabahay, pagpapalaki sa bata, pag-aaral ng Nihonggo, at iba pa. Hindi po maaari ang interpretasyon sa labas ng City Hall. Protektado po ang mga kumpidensyal na nilalaman ng konsultasyon.

● Mga Oras na Puwede po ang Konsultasyon sa Wikang Filipino

Tuwing Miyerkules, 8:30 umaga – 5:00 hapon, kada-linggo
Sarado: Sabado, Linggo, Piesta Opisyal, 12/29 – 1/3
Kahit wala ang tagapayo, available naman po ang interpretasyon sa pamamagitan ng video call, sa mga oras na bukas ang Center, sa pagitan ng 8:30 umaga – 5:15 hapon.

● Lugar ng Konsultasyon/PagHINGI ng mga Payo

Takasaki City Hall, 2F, International Affairs Division

● Telepono 027-321-3100

● E-mail fr-support @ city.takasaki.gunma.jp



フィリピン語で生活に関する相談ができます

市役所での手続き、税金、住宅、子育て、日本語学習などについて、無料で相談できます。市役所の外での通訳はできません。相談内容の秘密は守られます。

◎ フィリピン語で相談できる時間 水曜日、午前 8 時 30 分～午後 5 時

※土日、祝日、12 月 29 日～1 月 3 日は休みです。相談員がない時でも、センターが開いている午前 8 時 30 分～午後 5 時 15 分に、ビデオ通話通訳を利用できます。

◎ 相談場所 高崎市役所 2 階 国際課

◎ 電話番号 027-321-3100

◎ Email fr-support@city.takasaki.gunma.jp

Takasaki City Disaster Information Email

高崎市災害情報メール



Ang lungsod ay magpapadala ng impormasyon sa wikang Ingles ukol sa paglikas sakaling dumating ang sakuna. Mangyaring magrehistro upang makatanggap ng nasabing impormasyon sa panahon ng sakuna.

災害などが起こった時に、避難情報を英語でメールします。いざという時に備えて配信登録を行ってください。



Pagtapon ng Basura

ゴミ出し



Siguraduhing paghiwa-hiwalayin ang basura bago itapon. Maaaring makita sa garbage disposal website, na nakasulat sa wikang Ingles, ang mga panuntunan sa tamang pagtapon ng basura.

ゴミは分別してから出してください。ホームページでゴミ出しのルールを英語で見られます。



Pagamutan

病院



Maaaring pumunta sa mga pagamutan na naka-duty tuwing holidays sakaling magkasakit sa gabi o sa araw na walang pasok.

休日や夜間に、急に体調が悪くなったりがをしたりした時は、休日当番医を利用してください。



Gururin Bus

ぐるりんバス



Maaaring sumakay sa 'Gururin Bus' na umiikot sa buong lungsod. Makikita sa website ang mapa ng ruta at timetable ng bus.

市内でお出かけの際は、循環バス「ぐるりんバス」をご利用ください。ホームページで路線図や時刻表を確認できます。



Lungsod ng Takasaki sa Prepektura ng Gunma

Ang Lungsod ng Takasaki ay matatagpuan sa kalagitnaan ng Honshu. Ito ang pangunahing munisipalidad sa Gunma na may populasyon na mahigit 360,000 katao, at lawak na 459.16 kilometrong kuwadrado. Ito rin ay isa sa mga pangunahing hub ng transportasyon sa bansa, na binabagtas ng ilang linya ng shinkansen at expressway.

群馬県高崎市

高崎市は、本州の中央に位置する、群馬県を代表する都市です。市の人口は 36 万人を超え、面積は 459.16 平方キロメートル。新幹線や高速道路といった全国有数の交通の拠点性を持っています。

Mga Kababayan na Magpapakilala ng Kanilang Mga Rekomendadong Lugar sa Takasaki

高崎のおすすめスポットを紹介してくれる人



Michiko Naida Corado Iida

Mahigit sampung taong nakatira sa Takasaki

"Ang Takasaki ay nasa gitna ng Japan kaya naman madali itong puntahan at tirahan. Ma-eeenjoy ninyo rito ang kalikasan, sports, sining, musika, kasaysayan, at iba pang uri ng libangan. Marami ring masasarap na pagkain dito. Sana magustuhan ninyo ang oras na ilalagi ninyo sa Takasaki."

イダ ミチコ ナイダ コラドさん

高崎に住んで約 10 年

「高崎は日本の中心部にあって、アクセスもよく、とても住みやすい都市です。自然、スポーツ、芸術と音楽、歴史、そして様々なレクリエーションを楽しむことができます。おいしいものもたくさんあるので、是非高崎で楽しい時間を過ごしてください」



Pamilya Salva

Ang esposo ay limang taong nakatira sa Takasaki, samantalang ang esposa ay sampung taon.

"Madaling manirahan dito sa Takasaki. Mayabong ang siyudad ngunit kung nais ninyong mag-relax sa tahimik na lugar, maaari kayong magmaneho papunta sa mga likas na lugar katulad ng Mt. Haruna. Kung nais naman ninyong maglibang-libang sa ibang siyudad gaya ng Tokyo, maaari kayong sumakay ng shinkansen na aabot lamang ng limampung minuto."

サルバ ファミリー

高崎に住んで 5 年 (夫)・10 年 (妻)

「高崎は住みやすいまちです。まちなかは栄えていますし、静かな場所でリラックスしたい時は、榛名山のような自然豊かな場所までドライブできます。都市を楽しみたい時は、新幹線で東京まで 50 分で行けます」



Jinky Renegado Ikeda

Halos tatlung taong nakatira sa Takasaki

"Sa mahabang panahon na pagtira ko rito sa Takasaki, napansin ko na kakaunti ang mga sakuna. Ito ay magandang lugar na tirahan dahil mayaman ito sa kalikasan. Lalo na ang Mt. Haruna-Fuji na nagpapaalala sa akin sa Mt. Fuji. Gustong-gusto ko at ng aking pamilya ang Lake Haruna kung saan maaaring mag-hiking at sumakay sa bangka."

イケダ ジンキー レネガドさん

高崎に住んで約 30 年

「高崎で長く生活をしていて感じるのは、災害が少ないということです。また、自然豊かで本当に住みやすいところです。特に、富士山を彷彿とさせる榛名富士があり、ハイキングやボートを楽しむことができる榛名湖は、私も家族もお気に入りの場所です」



Restoran na Naghahain ng Pagkaing Pilipino

フィリピン料理を提供するお店を紹介

Tambayan Restaurant

- Takasaki, Kaminamie-machi 1111-1
- 027-315-1447
- 11:00~16:00/17:00~22:00

タンバヤンレストラン

- 高崎市上並榎町 1111-1 ● 027-315-1447
- 11:00~16:00/17:00~22:00



Haruna 榛名

Lake Haruna

Matatagpuan ang lawa sa taas na 1,100 metro above sea level. Ito ay nalikha mula sa aktibidad ng bulkan ng Haruna, isa sa tatlong bundok ng Jomo. Maaaring ma-enjoy ang kalikasan at mga magagandang tanawin ng buong taon. May mga leisure activities na mapaglilibangan katulad ng pagsakay sa bangka at kalesa, at ropeway na umaakyat sa Mt. Haruna- Fuji na may taas na 1391 metro.

● Haruna Tourism Association: 027-374-5111



榛名湖

上毛三山の一つ、榛名山の火山活動によって生まれた標高 1,100 メートルにある湖です。年間を通じて美しい景観と自然が満喫できます。ボートや馬車、標高 1,391 メートルの榛名富士へ登るロープウェイなどのレジャーが楽しめます。

● 榛名観光協会 :027-374-5111



To-Te Horse Carriage

Ikutin ang lawa ng Haruna ng nakasakay sa kalesa.

● Haruna Tourism Association:
● 027-374-5111

【トテ馬車】

馬車でゆったり榛名湖畔を周遊

● 榛名観光協会 :027-374-5111



Naglakad kami hanggang sa tuktok ng Mt. Haruna-Fuji. Masayang makipagusap sa mga taong nakakasalubong namin sa bundok."

榛名富士山頂まで歩いて登りました。すれ違う人との触れ合いが楽しかったです。



Haruna Ropeway

Tanawin ang kamangha-manghang view mula sa tuktok Mt. Haruna-Fuji.

● 027-374-9238

【榛名山ロープウェイ】

榛名富士山頂からの景色は絶景

● 027-374-9238



"Naantig ako noong nagmaneho ako sa aktwal na lugar kung saan kinuha ang eksena sa 'Initial D'. Maganda rin ang mga tanawin sa Lake Haruna at Mt. Haruna."

あの「頭文字 D」の舞台を実際に走れて感動しました。榛名湖や榛名山の景色も素敵ですよ。

Haruna Shrine

Ang Haruna Shrine, na nakatirik sa dalisdis ng Mt. Haruna, ay sinasabing nagbibigay ng pagpapala sa pagsugpo ng apoy, magandang kapalaran, masaganang ani, at maunlad na negosyo. Ang pangunahing altar at iba pang istruktura ay itinalaga bilang isang 'Important Cultural Property of Japan'. May iilan ding cultural assets at must-see spots sa loob ng bakuran at sa daan patungong altar.

● Takasaki, Harunasan-machi 849
● 027-374-9050
● 7:00~18:00 (Hanggang 17:00 tuwing winter season)



榛名神社

榛名山の中腹にある榛名神社は、鎮火、開運、五穀豊穰、商売繁盛のご利益があるといわれており、本殿などが国の重要文化財に指定されています。境内や参道には数多くの文化財や見所が点在しています。

● 高崎市榛名山町 849 ● 027-374-9050
● 7:00~18:00 (冬季は 17:00 まで)



"Taun-taon akong pumupunta sa Haruna Shrine. Nakakatanggap ako ng lakas at nakakatuwa ring hanapin ang mga deities habang naglalakad."

毎年初詣は榛名神社に行きます。パワーをもらえるし、途中途中にいる神様を見つながら歩くのも楽しみの一つです。



Liwasan 公園



Misato Moss Phlox Park

Namumulaklak ang 260,000 moss phlox sa 2.9 ektaryang liwasan na ito. Upang ilarawan ang 'Feather Robe of Orihime', kung saan base ang disenyo ng parke, ang mga pula, puti, at kulay-rosas na moss phlox ay nakapalibot sa burol ng moss phlox na parang obi. Nilagyan din ito ng palon at pa-isparyal na mga disenyo. Taun-taon ginaganap ang Misato Shibazakura Festival, na itinitugma sa flowering season ng nasabing bulaklak.



● Takasaki, Misato-machi, Matsunosawa 12-1
● Takasaki City Industry Division - Misato Branch: 027-371-9065
● Sa mga araw ng Misato Shibazakura Festival: 9:00~16:00 (Last Admission: 15:30)
● Flowering Season: Simula ng Abril - Simula ng Mayo



みさと芝桜公園

2.9ヘクタールの敷地に 26 万株の芝桜が花を咲かせます。芝桜の丘を中心に「織姫が置き忘れた羽衣」をイメージしてデザインされた赤、白、ピンクの芝桜が帯状に連なり、うねりや渦巻きなどの模様を描いています。毎年、開花時期に合わせて「みさと芝桜まつり」が開催されています。

● 高崎市箕郷町松之沢 12-1 ● 高崎市箕郷支所産業課 : 027-371-9065
● みさと芝桜まつり開催期間中は 9:00~16:00 (入場は 15:30 まで)
● 開花時期 4 月上旬~5 月上旬



Kannonyama Family Park

Katumbas ng 13 Tokyo Domes ang laki ng liwasan na ito. May fountains at bouncy domes, at mga puwesto na maaaring pagbarbikyuhan. Maraming pagkaka-tuwaan dito mula sa paglalaro ng sports, walking, hanggang sa pagbabarbikyu.



● Takasaki, Terao-machi 1064-30
● 027-328-8389
● Abril~Setyembre: 8:00~17:30 / Oktubre~Marso: 8:00~17:00



観音山ファミリーパーク

東京ドーム 13 個分の敷地の広さを持ち、噴水やふわふわドームなどの遊具、バーベキューが楽しめる広場などがあります。スポーツから散策、バーベキューまで思い思いに楽しむことができます。

● 高崎市寺尾町 1064-30 ● 027-328-8389
● 4~9 月 : 8:00~17:30 / 10~3 月 : 8:00~17:00



Mitsudera Park

Napakaganda ng mga cherry blossoms dito tuwing panahon ng tagsibol. Ang malawak na liwasan ay may Japanese garden at lake. Maganda rin dito magpiknik at mag-walking. May mga playing equipment din para sa mga bata at mga bouncy domes, na tiyak na ma-enjoy ng mga bata pati na rin ng mga matatanda.



● Takasaki, Mitsudera-machi 221
● Takasaki City Construction Division - Gunma Branch: 027-373-2461
● Mitsudera Park Management Office: 027-373-0818



三ツ寺公園

春は桜がすぐきれいです。園内は広く、日本庭園や池もあり、ピクニックや散策に最適です。ボートに乗ることもできます。また、子どもの遊び場やふわふわドームなどもあり、大人も子ども楽しめます。

● 高崎市三ツ寺町 221
● 高崎市群馬支所建設課 : 027-373-2461 ● 三ツ寺公園管理事務所 : 027-373-0818

Takasaki Arena Kids' Park

May sampung piraso at pitong klaseng playing equipment na maaaring paglaruan ng mga batang hanggang edad elementarya. Mula sa play area, makikita ang mga dumaraang tren at shinkansen na tamang-tama sa mga pamilya na may maliliit na bata. Mayroon ding Café Arena na mabibilhan ng ice cream at sari't-saring inumin.



高崎アリーナのキッズパーク

未就学児から小学生までの子どもが楽しめる 7 種類 10 台の遊具が設置されています。広場からは、すぐ側を走る電車や新幹線を眺めることができ小さいお子さんがいる家庭におすすめです。ドリンクやアイスクリームを販売するカフェ「カフェアリーナ」も併設しています。



高崎アリーナ

Ang arena ay may kahanga-hangang panlabas na disenyo na nakikita mula sa bintana ng shinkansen. Ito ay may mga sports equipment na tumutugon sa mga pamantayan ng internasyonal na kumpetisyon. Dito ginaganap ang mga world-class competitions, kung saan nagtitipon-tipon ang mga magagaling na atleta mula sa Japan at sa abroad.

● Takasaki, Shimowada-machi 4 Chome 1-18 ● 027-329-5447
● Café Arena: 10:00~16:00 (Winter Season: Bukas lamang tuwing Sabado, Linggo, at National Holidays)



高崎アリーナ

新幹線の車窓からも望める外観デザインが印象的なアリーナです。国際大会規格に対応した設備から、国内外のトップアスリートが集う世界レベルの大会が数多く開催されています。

● 高崎市下和田町 4 丁目 1-18 ● 027-329-5447
● カフェアリーナ : 10:00~16:00 (冬季は土日・祝日のみ営業)

Sining at Musika 芸術

Takasaki City Theater

Gamit ang pinakamaganda at modernong pasilidad at mekanismo, ang teatro ay nagpapalabas ng mga world-class orchestral concerts, musicals, Japanese classical arts, at iba-iba pang genre ng pagtatanghal. Ang tatlong bulwagan - main hall, studio theater, at music hall ay sinasalamín ang kultura at sining ng Takasaki. Ito rin ang home base ng Gunma Symphony Orchestra, na kilala bilang pioneer ng regional orchestra sa Japan.

● Takasaki, Sakae-cho 9-1 ● 027-321-7300 ● 9:00~22:00

高崎芸術劇場

国内最高水準の設備・機構を兼ね備え、世界的なオーケストラの公演やミュージカル、日本の古典芸能など、さまざまなジャンル公演が行われています。大劇場、スタジオアター、音楽ホールの3つのホールを有し、高崎の文化芸術を創造・発信しています。日本の地方オーケストラの草分けとして知られる群馬交響楽団の活動拠点でもあります。

● 高崎市栄町 9-1 ● 027-321-7300 ● 9:00~22:00



Pick-Up Live Music in Takasaki: Otomachi Live おとまちライブ

Tuwing Linggo, mapapanood ang mga street performances sa paligid ng JR Takasaki Station. Ito ay bahagi ng 'Takasaki Otomachi Project', kung saan maririnig ang iba't ibang uri ng musika sa iba't ibang lugar sa Takasaki.

毎週日曜日には、JR 高崎駅周辺で「高崎おとまちプロジェクト」主催による路上ライブが行われており、高崎は色々なところから音楽が聞こえてきます。



Takasaki Art Museum

Mapapanood ang iba't ibang uri ng eksibisyon na nakatuon sa contemporary art. Ito ay tatlong minutong lakad mula sa West Exit ng JR Takasaki Station.

高崎市美術館

現代美術を中心に、バラエティに富んだ展覧会を開催する美術館です。JR 高崎駅西口から徒歩 3 分です。



Former Residence of Fusaichiro Inoue

Ito ang dating tahanan ni Fusaichiro Inoue, na nagbigay ng malaking kontribusyon sa pagtataguyod ng kultura ng Takasaki. Dahil sa pagiging arkitekto na si Antonin Raymond, ang gusali ay itinuturing na mahalagang basehan sa pagaaral ng istilo ng disenyo ni Raymond. Ito ay karugtong ng Takasaki Art Museum. Maaaring bisitahin ang tahanan at ang hardin sa mga araw na bukas ang museo.



● Takasaki, Yashima-cho 110-27 ● 027-324-6125
● 10:00~18:00, Hanggang 20:00 tuwing Biyernes (Last Admission: 30 minuto bago magsara)
Inoue Residence Opening Hours: 10:00-11:00/14:00~16:00
Garden Opening Hours: Marso~Nobyembre 10:00~18:00
Disyembre~Pebrero 10:00~17:00
(Last Admission: 30 minuto bago magsara)



"Nakaka-relax ang pagkabalanse ng disenyo ng Japanese-Western modern architecture. Mailalarawan mo sa iyong isip kung anong uri ng pamumuhay mayroon sila noong panahon na iyon."
モダン建築で、和と洋が中和し落ち着きます。当時の生活していた様子がイメージできて好きな建物です。



旧井上房一郎邸

本市の文化振興に大きく貢献した井上房一郎の自邸です。建築家アントニン・レーモンドの自宅を写していることから、レーモンドの建築スタイルを知る上で貴重な建物と言われています。市美術館に併設しており、同館の開館日に庭園・邸宅を見学することができます。

● 高崎市八島町 110-27 ● 027-324-6125
● 10:00~18:00、金曜日のみ 20:00 まで (入館はいつでも閉館の 30 分前まで) 旧井上邸邸内公開時間は 10:00~11:00/14:00~16:00 庭園公開時間は 3~11 月: 10:00~18:00/12~2 月: 10:00~17:00 (入園はいつでも閉園の 30 分前まで)
旧井上房一郎邸については市美術館へ

Takasaki Tower Museum

Isang museo na may eksibisyon na nakatuon sa sining na nihonga. Ito ay dalawang minutong lakad mula sa East Exit ng JR Takasaki Station, kaya naman napakadaling pumunta rito kahit kailan.



● Takasaki, Sakae-cho 3-23 Takasaki Tower 21 (Entrance 4F, Exit 3F)
● 027-330-3773
● 10:00~8:00, Hanggang 20:00 tuwing Biyernes (Last Admission: 30 minuto bago magsara)



高崎市タワー美術館

日本画を中心に展示する美術館です。JR 高崎駅東口から徒歩 2 分の場所にありいつでも気軽に立ち寄ることのできる美術館です。

● 高崎市栄町 3-23 高崎タワー 21 (入口 4F、出口 3F)
● 027-330-3773
● 10:00~18:00、金曜日のみ 20:00 まで
(入館はいつでも閉館の 30 分前まで)



"May dalawang art museums na malapit sa Takasaki Station. Madalas ako pumunta rito dahil pareho silang nagpapalit ng eksibisyon kada-tatlong buwan. Maganda rin bumili ng mga souvenirs sa museum shop sa loob ng museo."
高崎駅周辺に美術館が2つもあるんです。どちらも、約3か月に1回展示内容が変わるので定期的に足を運んでいます。館内のミュージアムショップもお土産をかうのにおすすめです。



Pick-Up Art Project Takasaki (Oktubre ~ Huli ng Nobyembre) アートプロジェクト高崎 10 ~ 11 月下旬

Magsisipag-labasan ang modern art sa loob ng machi ng Takasaki! Hindi na kailangan sumadya sa art museum upang ma-enjoy ang art, kaya naman nire-rekomenda namin ang event na ito.

まちなかに現代アートが出現!美術館に行かなくても、手軽にアートが楽しめるおすすめのイベントです。



Others その他

Takasaki Kannon

Ang istatwa ng Kannon, na nakatirik sa tuktok ng bundok ng Kannonyama, ay itinuturing na simbolo ng lungsod ng Takasaki. Pinaniniwalaang patuloy nitong binabantayan ang lungsod simula nang itinayo ito noong 1936. Ito ay may taas na 41.8 metro at bigat na 6000 tonelada. Makikita ang dalawampung istatwa ng Buddha sa loob ng katawan ng Kannon.

● Takasaki, Ishihara-machi 2710-1
● Jingenin Temple: 027-322-2269
● Viewing Hours: 9:00~17:00 (Hanggang 16:30 sa Nobyembre~Pebrero)



観音様

観音山の山頂にあり、高崎市のシンボルとして昭和 11 年に建立されてから高崎を見守りつづけている観音様は、高さ 41.8 メートル、重さは約 6,000 トン。胎内には 20 体の仏像があり拝観することができます。

● 高崎市石原町 2710-1 ● 慈眼院: 027-322-2269
● 胎内拝観: 9:00~17:00 (11~2 月は 16:30 まで)

"Maaari kayong pumasok sa loob ng istatwa at umakyat sa hagdan papunta sa balikat nito. Da-best ang view mula sa bintana, kaya naman huwag ninyong palalampasin ang pagakyat hanggang sa tuktok."

胎内は肩の高さまで階段を登ることができます。窓から見る景色は最高。ぜひ、登ってみてください。



"Ang view mula sa parking lot ng Kannonyama ay nire-rekomenda namin. Lalo na ang mga cherry blossoms na napakaganda sa panahon ng tagsibol."
観音山にある駐車場から市役所方面に向かって見る景色がおおすすめです。特に春は桜がすごくきれいです。

Kannon Cave

Ang 400m kalalim na man-made cave ay malapit sa Takasaki Kannon. Makikita sa loob ng kweba ang 39 na istatwa ng Kannon, na hinulma mula sa bato. Sinasabing napaka-mystikal ng kuwebang ito.

● Takasaki, Ishihara-machi 2857 ● 027-323-3766
● Weekdays: 10:00~15:00 (Last Admission: 14:30)
Weekends & National Holidays: 10:00~16:00 (Last Admission: 15:30)



洞窟観音

観音様の近くには、400m の人工洞窟に石彫の観音像 39 体をはじめとした彫刻が安置される洞窟観音があります。とても神秘的な空間です。

● 高崎市石原町 2857 ● 027-323-3766
● 平日: 10:00~15:00 (最終入園 14:30) 土日・祝 10:00~16:00 (最終入園 15:30)



Kyogashima Natural Hot Spring Yutori

Bathhouse na maraming uri ng paliguan, bedrock-bath, sauna, at private bath. Nakaka-relax talaga ang pasilidad mag-isa ka man o may kasamang kaibigan o pamilya. May lugar din sa loob na maaaring kainan.

● Takasaki, Shimano-machi 890-3
● 027-350-8811
● 5:00~24:00 (Final Reception: 23:30)



京ヶ島天然温泉 湯都里

お風呂の種類が多く、岩盤浴やサウナ、貸切風呂などもあり、1 人でも家族や友人と来てもとてもリラックスできる施設です。施設内でご飯を食べることもできます。

● 高崎市島野町 890-3 ● 027-350-8811 ● 5:00~24:00 (最終受付 23:30)



"Pumupunta ako rito pag pagod ako at gusto kong mag-relax. May mga reserved private rooms na tamang-tama tuwing kasama ang pamilya o mga kaibigan."

ちょっと疲れた時にいやすを求めに行きます。貸切個室もあるので、家族や友人と行くのもおすすめです。



Hanadaka Observation Flower Hill

Ang flower hill ay matatagpuan sa ibabaw ng burol ng Hanadaka Town, na nasa bandang kanluran ng lungsod ng Takasaki. Matatanaw ang overlooking view ng Takasaki mula sa burol. Iba't ibang makukulay na bulaklak ang namumulaklak dito sa buong taon. Makikita rin ang tatlong bundok ng Jomo mula sa burol.

● Takasaki, Hanadaka-machi 1400-1
● 090-3246-8088



鼻高展望花の丘

市街地の西部・高崎市を見下ろせる鼻高町の丘の上にあり、一年をととして色とりどりの花が咲きます。上毛三山を見渡す素晴らしい景観も一緒に楽しむことができます。

● 高崎市鼻高町 1400-1 他 ● 090-3246-8088

Milk Factory Tanpopo (Nagasaka Dairy Farm Factory and Direct Sales Outlet)

Ang Nagasaka Dairy Farm ay 10 minutong lakad mula sa Hanadaka Observation Flower Hill. Mabibili rito ang masasarap na ice cream at gelato na gumagamit ng freshly-squeezed na gatas mula sa dairy farm.

● Takasaki, Hanadaka-machi 1380
● 027-310-3011
● 10:00~18:00



みるく工房 tanpopo 長坂牧場内工場・直売所

鼻高展望花の丘から徒歩約 10 分にある長坂牧場。同牧場の搾りたての生乳を使用した、おいしいソフトクリームやジェラートなどが食べられるお店です。

● 高崎市鼻高町 1380 ● 027-310-3011 ● 10:00~18:00

"Lahat ng produkto nila ay napakasarap at creamy. Gustong-gusto naming pagmasdan ang mga tanawin habang kumakain ng ice cream."
どの商品もクリーミーですごくおいしいです。景色を眺めながらアイスを食べるのが好きです。



Gateau Festa Harada

Western confectionery shop na naka-base sa Takasaki. Ang "Gouter de Roi" rusk na ginagawa mula sa masarap na French bread ay kilalang-kilala sa buong bansa ngayon. Mayroon ding factory tours na bukas sa publiko sa main factory nito.



● Takasaki, Shin-machi 1207
● 1 Factory Tour Gallery (Lunes-Sabado 10:00~17:00 (Last Admission: Hanggang 16:40))
Para sa mga katanungan sa factory tour 0120-060-137 (Lunes-Biyernes 10:00~17:00)
● 2 Main Branch 0274-43-1100 (Operating Hours: 10:00~19:00)

*Karagdagang Impormasyon ng Factory Tours

-Hindi kailangan magpareserba ng mga indibidwal na hindi hihigit sa 19 katao.

-Kailangan magpareserba ang mga grupong mahigit 20 katao at ng mga grupong kasali sa bus tour.



ガトーフェスタ ハラダ

高崎に本社を構える洋菓子店です。専用のおいしいフランスパンから作ったガトールラスク「グーテ・デ・ロワ」は今では全国的に有名です。本社工場では工場見学も行っています。

● 高崎市新町 1207
● ①工場見学ギャラリー (月~土曜 10:00~17:00 (入館は 16:40 まで))
工場見学お問合わせ 0120-060-137 (月~金曜 10:00~17:00)
● ②本館 0274-43-1100 (営業時間 10:00~19:00)
● 工場見学について: 個人 (19 名以下) での来館は予約不要
20 名以上またはバスで来館の団体は要予約

"Magandang pampasalubong yung rusk dito!"
ラスクはお土産にもおすすめです!



Mga Kainan 食

Shango - Tonya-machi Main Branch

Isang long-established Italian restaurant na may pitong branches sa Gunma. Ito rin ang pioneering restaurant ng Takasaki Pasta. Ang kanilang signature dish na 'Shango-style' ay nananatiling sikat na item sa kanilang menu. Ang 'Shango-style' ay spaghetti na gumagamit ng orihinal na meat sauce, at pinatungan ng bagong pritong pork loin cutlet sa ibabaw.

- Takasaki, Tonya-machi 1 Chome 10-24
- 0120-615-269 (027-361-5269)
- 11:00~21:30 (Last Order: 21:00)



シャンゴ 問屋町本店

群馬県内に7店舗を構える老舗のイタリアンレストランで、「高崎パスタ」の草分け的なポジション。揚げたてのロースカツを乗せ、オリジナルのミートソースをかけた「シャンゴ風」は不動の人気を誇る定番メニューです。
●高崎市問屋町1丁目10-24 ●0120-615-269(027-361-5269)
●11:00~21:30(ラストオーダー 21:00)



Buongiorno - Main Branch

Isang sikat na Italian restaurant na may limang branches sa Gunma. Mula bata hanggang matanda, tiyak na magugustuhan ang mga one-plate dishes na may karne at pasta.

- Takasaki, Tsukunawa-machi 50-1
- 027-362-7722
- 11:00 ~ 21:30 (Last Order: 21:00)



ボンジョルノ 本店

県内に5店舗を展開する大衆のイタリアンレストラン。ワンプレートで肉とパスタが楽しめ、大人から子どもまで満足できます。
●高崎市筑縄町50-1 ●027-362-7722
●11:00~21:30(ラストオーダー 21:00)



Menya - Takasaki Yoshii Branch

Isang ramen at udon restaurant na partikular sa ginagamit nitong noodles. Ang 'meat miso ramen' ang kanilang highly recommended dish. Masarap din ang mga gulay na nakapatong sa ibabaw ng noodles. May staff sila na marunong magsalita ng Filipino at English.

- Takasaki, Yoshii-machi-ike 1443
- 027-381-8075
- 11:00~21:00



MENYA 高崎吉井店

ラーメンやうどんなど、麺にこだわった飲食店です。肉味噌ラーメンが特におすすめ。上に乗っている野菜もおいしいです。フィリピン語や英語を話せる定員さんがいます。
●高崎市吉井町池1443 ●027-381-8075 ●11:00~21:00



Yamakiya

"Ito ay isang long-established yakiniku restaurant na nabigla ako sa sobrang sarap noong unang beses ko natikman ito. Kailangan ninyong tikman ang 'Bakudan' na talagang malalasan ang flavor ng bawang. Sikat na sikat ito at maganda ang vibe ng kainan."

- Takasaki, Shimomuroda-machi 1113-1
- 027-374-0046
- Weekdays: 11:30~14:00/16:00~22:00 (Last Order: 21:00)
- Sabado at Linggo 11:30~22:00 (Last Order: 21:00)

山木屋

老舗ホルモン焼店です。初めて食べた時はおいしくて衝撃を受けました。おすすめはニンニクが効いた「バクダン」です。大衆的なお店の雰囲気も良いですよ。
●高崎山下室町1113-1 ●027-374-0046 ●平日: 11:30~14:00/16:00~22:00 (ラストオーダー 21:00) 土・日: 11:30~22:00 (ラストオーダー 21:00)



MissaMarina Produced By Sorriso

"Maganda ang ambience sa loob ng restoran. Pareho nilang ina-accomodate ang mga maliliit at malalaking grupo kaya gustong-gusto ko rito. Hindi kayo magkakamali sa pagpili ng 'Today's Special'. Masarap din yung mga panghimagas nila."

- Takasaki, Kaminamie-machi 320-4
- 027-395-0778
- 11:00~15:00 (Last Order: Food 14:00 Drink 14:30)
- 17:00~21:30 (Last Order: 21:00)



MissaMarina Prduced By SORRISO

店内の雰囲気も素敵ですよ。少人数から大人数まで対応してもらえるのもうれしいです。「今日のおすすめ」はハズレがありません。スイーツもとてもおいしいです。
●高崎市上並榎町320-4 ●027-395-0778
●11:00~15:00(ラストオーダー: フード14:00、ドリンク14:30)、
17:00~21:30(ラストオーダー 21:00)



Mga Rekomendadong Panaderya

おすすめのパン屋さんを紹介

Pan Factory DEKO

"Maingat na ginagawa ang bawat tinapay na nakahilera sa panaderya. Pinakapaborito ko yung tasty bread nila."

- Takasaki, Kaizawa-machi 4-15-8
- 027-365-5639
- Weekdays: 9:00~19:00 (Sarado tuwing Lunes)
- Sabado, Linggo, at National Holidays: 8:00-18:00



パン工房 DEKO

一つ一つ丁寧に作られているパンが並んでいます。食パンが特に好きです。
●高崎市貝沢町4-15-8 ●027-365-5639
●平日: 9:00~19:00 (月曜定休) 土・日・祝: 8:00~18:00



Pane Delicia - Takasaki Station Branch

Maraming klase ng tinapay at inumin na mapagpipilian sa bakery na ito. May eat-in space rin dito.

- Takasaki, Yashima-cho 222 E-site Takasaki 2F
- 027-326-1352
- 7:30~20:00



パーネデリシア 高崎駅店

種類が豊富です。ドリンク類も充実していて、イートインスペースもあります。
●高崎市八島町222イーサイト高崎2F ●027-326-1352
●7:30~20:00



Konoe Bakery

"Mahigit 90 taon nang nag-ooperate ang panaderya na ito. Gustong-gusto ko ang at-home na pakiramdam ng bakery at ang abot-kayang presyo ng kanilang mga produkto."

- Takasaki, Moto-machi 117
- 027-322-4514
- 7:00~19:00 (Hanggang 18:00 tuwing Linggo)
- (Sarado tuwing Miyerkules)



このえパン

90年以上続くパン屋さんです。リーズナブルでアットホームなお店の雰囲気も好きです。
●高崎市本町117 ●027-322-4514 ●7:00~19:00(日曜は18:00まで)(水曜定休)



Sweets スウィーツ

Fruit on the Hill

“Maraming laman na prutas at iba-iba ang flavor ng kanilang fruit ice bar. Kahawig nito ang ice buko na nagpapaalala sa akin sa Pilipinas.”

- Takasaki, Yoshii-machi, Ogushi 750-5 ● 027-388-8411
- Hunyo ~ Kalagitnaan ng Oktubre: 10:00 ~ 17:00 (Maaring magbago depende sa season)



フルーツオンザヒル

ここで食べられるフルーツアイスバーは、種類が多くフルーツもたっぷり入っていておすすめです。見た目も「アイスブーコ」に似ていて懐かしい気持ちになります。

- 高崎市吉井町小串 750-5 ● 027-388-8411 ● 6 ~ 10 月中旬：10:00 ~ 17:00 (時期によって異なります)



Madame Sucre

“Maganda ang ambience ng crêperie. Wala silang upuan sa loob pero may terrace seats sila. Nire-rekomenda ko ang fresh cream choco banana flavor.”

- Takasaki, Kaminamie-machi 479-4 Genjinsha Bldg. 1F
- 070-1454-0707
- 11:00~18:00



マダムシュクレ

お店の雰囲気も素敵なクレープ屋さんです。店内の席は無く、外にテラス席のみあります。私のおすすめは「生クリームチョコバナナ」です。

- 高崎市上並榎町 479-4 原人社ビル 1F ● 070-1454-0707 ● 11:00~18:00



Mishoan

“Ito ay popular na Japanese confectionery shop sa Takasaki. Kung may irerekomenda akong produkto nila, pipiliin ko pa rin ang paborito kong ‘Mishoan chigo-mochi’ (strawberry daifuku).”

- Takasaki, Kenzaki-machi 1064-2 ● 027-343-3026
- 9:00~16:00 (Closes when sold out)



微笑庵

高崎で大人気の和菓子店です。おすすめはやっぱり「微笑庵 ちごもち」(いちご大福)。大好きな和菓子です。

- 高崎市剣崎町 1064-2 ● 027-343-3026 ● 9:00~16:00 (完売次第閉店)



Don Remy Outlet - Takasaki Branch

“Mabibili rito ang mga misshapen sweets gaya ng pudding at cakes, at mga cut-off pieces at a special price. Nire-rekomenda ko ang outlet na ito dahil makakabili kayo ng masasarap na desserts sa abo't kayang halaga. Tamang-tama siya na reward sa sarili o di kaya tuwing pagod ka at gusto mong kumain ng matamis.”

- Takasaki, Azuma-cho 5 Coco Park 800 1F ● 027-310-3828
- 10:00~19:00



ドンレミアアウトレット高崎店

プリンやケーキなどの、見た目が少し不ぞろいの商品や切れ端などを特別価格で販売しているお店です。おいしいスウィーツが安く手軽に買えるのでおすすめです。疲れた時や自分へのごほうびを買う時にちょうど良いです。

- 高崎市東町 5 番地 ココパルク 800 1F ● 027-310-3828 ● 10:00~19:00



Farm Club Nakazato Nojo

“Ma-eenjoy ninyo ang pagpitas ng strawberries ng walang restriksiyon sa oras. Paborito ko ang ‘classic strawberry’, isang breed ng presas na pinalaki habang pinapatutog ang mga komposisyon ni Mozart. Sobrang tamis at juicy nito.”

- Takasaki, Nakazato-machi 820 ● 027-371-0007
- 9:00~16:00 (Last Reception: 15:00)

*Hindi kailangan magreserba ngunit depende sa kondisyon ng mga presas maaring limitahan ang pagpasok.



ファームクラブ中里農場

こは、イチゴ狩りが時間無制限で楽しめます。モーツァルトの調べの中で育った「クラシック莓」はジュシーで甘くてお気に入りです。

- 高崎市中里町 820 ● 027-371-0007 ● 9:00~16:00 (最終受付 15:00) 予約なしでもお楽しみいただけますが、イチゴの状況によってはお断りする場合があります



Kung bibili ng mga pasalubong mula sa Takasaki, dito na!

高崎のお土産を買うならここ！



Takasaki Jiman

Select shop na nagbebenta ng mga pinagmamalaking produkto ng Takasaki, mula sa sariwang gulay, processed foods tulad ng sweets at seasonings, handicrafts, at iba pa. Naka-line up ang mga produktong nagpapakita ng kagandahan ng Takasaki. Maaaring i-pack ang mga items sa mga kahon upang lumikha ng mga orihinal na regalo.

- Takasaki, Yashima-cho 46-1 Takasaki OPA 1F ● 027-381-6967 ● 9:00~20:00

高崎じまん

高崎の自慢の逸品が集まるお店です。新鮮な野菜から、お菓子や調味料などの加工品、手工芸品など高崎の魅力が詰まった商品が並んでいます。商品は、ギフト用の箱に詰めてオリジナルのギフトを作ることができます。

- 高崎市八島町 46 番地 1 高崎オーパ 1F ● 027-381-6967

- 9:00~20:00



B Wave Shirai - Takasaki Yoshii Branch

Home furniture store na nagbebenta ng mataas na kalidad na gamit sa bahay. Makakabili rito ng mga brand new at wakeari na produkto sa magandang presyo.

- Takasaki, Yoshii-machi, Yoshiikawa 429
- 027-387-2139 ● 10:00~19:00



B ウェーブ SHIRAI 高崎吉井店

理由（ワケ）ありの、新品で高品質な家具をお得な価格で販売しています。

- 高崎市吉井町吉井川 429 ● 027-387-2139
- 10:00~19:00



Re-used Electrical Appliance Store Sairakukan - Takasaki Main Branch

Home electrical appliance store na nagbebenta ng malawak na koleksyon ng re-used at outlet products.

- Takasaki, Iizuka-machi 440-3
- 027-370-0581
- 10:00~20:00



リユース家電 再楽館 高崎本店

家電商品を中心に、リユース品やアウトレット品まで幅広い商品を取り扱うお店です。

- 高崎市飯塚町 440-3 ● 027-370-0581
- 10:00~20:00



Roadside Station - Kurabuchi Oguri no Sato

Roadside station kung saan inipon at kinondensa ang kultura at mga pagkain ng Kurabuchi. Nakahilera rito ang mga palay na pinalaki sa luntiang lupa ng Kurabuchi, mga agrikultural na produkto, at mga processed foods. Ang mga local dishes ay matitikman sa cafeteria.

- Takasaki, Kurabuchi-machi, Sannokura 296-1 ● 027-384-8282
- 9:00~18:00 (Cafeteria: 11:00~14:00)

道の駅 くらぶち小栗の里

倉洩の食や文化をぐっと凝縮した道の駅です。倉洩の緑豊かな大地で育ったお米や新鮮な農産物や加工品が並びます。食堂では、旬の食材を生かした郷土料理などが食べられます。

- 高崎市倉洩町三ノ倉 296-1 ● 027-384-8282

- 9:00~18:00 (食堂は 11:00~14:00)



Santnore - Takasaki Branch

Luxury brand shop na nagbebenta ng iba't ibang klase ng designer items tulad ng bags, apparel, relos, at mga pabango.



- Takasaki, Tonya-machi 1-2-5 ● 027-363-0033 ● 11:00~19:00

サントノーレ高崎店

バックやウエア、時計、香水など豊富な品揃えのブランドショップです。

- 高崎市問屋町 1-2-5 ● 027-363-0033 ● 11:00~19:00



KEUNA - Takasaki Branch

Specialty shop na nagbebenta ng mga ‘100% Made in Japan’ na produkto. Malapit ito sa Santnore, na kanyang sister shop.

- Takasaki, Tonya-machi 1-2-2 ● 027-361-2375
- 10:30~18:30




ケウナ高崎店

サントノーレ高崎店のすぐ近くには、100% ジャパンメイドの商品を扱う姉妹店もあります。

- 高崎市問屋町 1-2-2
- 027-361-2375
- 10:30~18:30





Para sa iba pang detalye at katanungan, makipagugnayan sa: International Division

【問い合わせ：国際課】

TEL 027-321-1201 FAX 027-330-1819

E-mail kokusai@city.takasaki.gunma.jp